
5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Home Economics – Modyul 1: Pangangalaga sa Sariling Kasuotan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Home Economics – Modyul 1: Pangangalaga sa Sariling Kasuotan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Shenamie P. Nuevo
**Editor:** Idah M. Sayre, Jemar J. De Asis, Christian Vincent M. Sala
**Tagasuri:** Annie Vir Dalanon-Tariao, Gary B. Mosquito, Philina G. Dadap
**Tagalapat:** Junrell R. Lora
**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Lani H. Cervantes
Alejandro S. Almendras
Maria Pia B. Chu
Allan O. Celedonio
Imelda A. Amodia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – SDO - Region VIII**
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 323 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Home Economics– Modyul 1: Pangangalaga sa Sariling Kasuotan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan-5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Pangangalaga sa Sariling Kasuotan.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras/panahon. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan-5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Pangangalaga sa Sariling Kasuotan.**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang pagkakataon sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot ng may (100%), maaari mong laktawan o ipagpaliban ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o mga gawaing nakasusukat sa mga kaalaman ng mag-aaral sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang mailapat ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o pangyayari ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Panatilihin ang katapatan sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago dumako sa iba pang pagsasanay.
6. Ibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

May mga iba't ibang paraan sa pangangalaga ng kasuotan. Ang bawat paraan ay ginagawa upang mapanatili ang kagandahan at kapakinabangan ng damit sa loob ng mahabang panahon. Sa pagkatuto ng iba't ibang paraan sa pangangalaga ng kasuotan, maaari kang lumaki na sanay sa mga gawain at makakatulong ka rin sa inyong mga magulang upang mapanatiling maayos ang inyong kasuotan.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Naiisa-isa ang mga paraan upang mapanatiling malinis ang kasuotan

- Nakikilala ang mga paraan upang mapanatiling malinis ang kasuotan tulad ng paglalaba, pamamalantsa, pagsusulsi, pagtatagpi, pag-aalis ng mantsa at pagtutupi.
- Natutukoy ang mga paraan upang mapanatiling malinis ang kasuotan tulad ng paglalaba, pamamalantsa, pagsusulsi, pagtatagpi, pag-aalis ng mantsa at pagtutupi.
- Napapahalagahan ang pangangalaga sa sariling kasuotan.



## *Subukin*

**Gawain 1**

**Panuto:** Tingnan ang bawat larawan at isulat ang tsek (√) kung ito ay nagpapakita ng tamang pangangalaga ng damit at ekis (X) naman kung hindi. Gawin ito sa iyong kwaderno.

____________ 1.



____________ 2.



____________ 3.



____________ 4.



____________ 5.



**Gawain 2**

**Panuto:** Unawain ang bawat pangungusap at isulat ang **TAMA** kung ito ay nagpapahiwatig ng wastong pangangalaga ng damit at **MALI** kung hindi.

_________ 1. Tinatanggal kaagad ang mantsa ng damit habang sariwa pa.

_________ 2. Itupi nang maayos ang mga damit-pambahay at isalansan sa cabinet ayon sa kulay at gamit.

_________ 3. Pabayaan ang mga mantsa at sira o punit sa damit.

_________ 4. Hayaan ang mga damit na basa ng pawis.

_________ 5. Punasan at maglagay ng sapin sa uupuang lugar bago umupo.

# Aralin 1 — Pangangalaga sa Sariling Kasuotan

Napapansin mo ba ang mga batang may malinis at maayos na pananamit? Di ba kaaya-ayang silang tingnan?

Ang pagsusuot ng malinis at maayos na damit ay nakatutulong upang maging kaakit-akit tingnan ang isang tao. Mamahalin man o lumang klase ng damit, kailangan itong pangalagaan upang mapanatili ang kalidad, kaayusan at magamit ito ng matagal.

## *Balikan*

Natatandaan mo pa ba ang naunang modyul? Alam mo ba ang mga gawain sa paglilinis at pag-aayos sa sarili? Nakasusunod ka na ba sa ginagawang iskedyul? Tingnan natin kung may natatandaan ka pa.

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga katanungan sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. Kailan ginagawa ang pagpuputol ng kuko sa kamay at paa?

   a. araw-araw   b. taonan   c. buwanan   d. lingguhan

2. Alin dito ang tamang panahon sa pagpunta sa dentista upang magpalinis ng ngipin?

   a. araw-araw   b. dalawang beses sa isang taon   c. buwanan   d. taonan

3. Alin dito ang isa sa mga gawain sa paglilinis at pag-aayos sa sarili na ginagawa araw-araw upang maalis ang di kanais-nais na amoy?

   a. pagliligo   b. pagsusuklay   c. pagpapagupit   d. pagpuputol ng kuko

4. Anong uri ng suklay ang mabuting gamitin para sa buhok na may kuto o lisa?

   a. brush   b. suyod   c. karaniwang suklay   d. headband

5. Ito ay pinakamabisang kagamitan na pangkuskos ng katawan habang naliligo.

   a. tuwalya   b. brush   c. bimpo   d. bato

## *Tuklasin*

Handa na ba kayo!

Basahin ang isang maikling kuwento tungkol sa batang si Angela.Tingnan natin kung paano niya pinangangalagaan ang kanyang kasuotan.

Sabado ng hapon sa labas ng kanilang bahay ay masayang naglalaro ng tumbang preso si Angela kasama ang kaniyang mga kapatid. Habang sila ay nagtatakbuhan, aksidenteng naapakan ang puting palda ni Angela kaya siya ay natumba at naputikan. Agad-agad siyang umuwi, tinanggal niya ang mantsa ng kaniyang damit habang ito ay sariwa pa gamit ang brush, sabon at tubig. Nilabhan niya ito ng maayos, ay isinampay. Nang malaman ito ng kaniyang nanay, hindi ito nagalit bagkus ay natuwa pa nga ito dahil naging responsable si Angela sa pangangalaga ng kaniyang kasuotan.

May nakukuha ka bang aral sa kuwento? Basahin at unawain ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

a. Ano ang nilalaro ni Angela?
b. Ano ang nangyari sa kanyang puting palda?
c. Paano niya pinangalagaan ang kanyang kasuotan?
d. Nagalit ba ang nanay sa ginawang pangangalaga ng kasuotan ni Angela?
e. Mabuti ba ang ginawa ni Angela sa kanyang kasuotan?

## *Suriin*

Anong mga pamamaraan sa pangangalaga ng kasuotan ang alam mo?

Sa anumang uri ng damit na isinusuot ng ating katawan, mamahalin man o magagara ay mawawalan rin ng halaga kapag hindi naman ito inaalagaan nang wasto. Makatitipid ka ng oras, salapi at lakas kung uugaliin ang tamang pangangalaga ng mga kasuotan sa lahat ng panahon.

Mga paraan upang mapanatiling malinis ang mga kasuotan:

1. *Pag-aalis ng mantsa* - mainam na tanggalin kaagad ang mga mantsa sa damit habang ito ay sariwa pa at upang hindi mahirapan sa pagtanggal. Mas malinis ang damit na walang mantsa at kaaya-ayang tingnan.

2. *Paglalaba* - ginagawa ito sa mga kasuotan upang maiwasan ang di kanais-nais na amoy, mawala ang dumi, pawis at alikabok na kumakapit dito gamit ang sabon at tubig. Hindi madaling masira ang mga damit kapag nilalabhan nang maayos.

3. *Pamamalantsa* - hindi kaaya-ayang tingnan ang damit na gusot-gusot kaya nararapat itong plantsahin upang maibalik sa dating hugis at ayos ang mga ito.

4. *Pagsusulsi* – ang may punit na damit ay dapat sulsihan kaagad upang hindi lumaki ang sira at magamit pa ito ng mahabang panahon. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng makina o di kaya'y pagsusulsi gamit ang kamay.

5. *Pagtatagpi* - ito ay isinasagawa kapag ang damit ay may butas. Tinatakpan nito ang bahaging may butas sa pamamagitan ng pagtatagpi gamit ang isang kapirasong tela.

6. *Pagtutupi* - higit na mapangangalagaan ang mga damit kung ito ay maayos na nakatupi ayon sa kulay at gamit nito at may maayos na lalagyan tulad ng *cabinet*, aparador o malinis na kahon. Kapag organisado ang pagtutupi at paglalagay ng damit sa aparador makatitipid ng oras at lakas sa paghahanap nito araw-araw.

Mahalagang panatilihing malinis ang mga kasuotan upang maging kaaya-aya sa paningin ng ibang tao. Nagpapakita ito ng pagiging malinis sa katawan at nagpapaunlad ng buong personalidad. Higit sa lahat, ito ay nagiging daan tungo sa maayos at matiwasay na pamumuhay ng isang tao.

**Wastong Pangangalaga at Pag-iingat sa Kasuotan**

Sa mura mong gulang, ang pangangalaga ng damit ay madaling matutunan, kailangan lang sanayin ang sarili sa ganitong uri ng gawain. Maglaan ng kaunting oras o panahon para sa pangangalaga ng inyong mga kasuotan.

Narito ang ilan pang mga paraan upang mapangalagaan ang mga kasuotan at magamit pa ito ng matagal:

1. Kailangang pahanginan ang mga damit na basa ng pawis.

2. Ang mga damit panlakad ay dapat i-hanger at huwag ihalo sa mga damit pambahay. Gamitin ang mga ito na angkop sa panahon at okasyon.

3. Kung may mga damit na hindi masyadong ginagamit, tiklupin ito ng pabaliktad at ilagay sa plastic bag.

4. Bago labhan ang mga damit, kumpunihin muna ang mga sira nito tulad ng mga may tanggal na butones at tastas.

5. Huwag umupo kaagad sa mga upuan. Punasan muna ang uupuang lugar bago umupo o maaari ding lagyan muna ng sapin.

6. Huwag hayaang nakakalat lang nang kung saan-saan ang mga hinuhubad na damit. Ilagay ito sa tamang lalagyan o basket.

## *Pagyamanin*

**Gawain 1:** Obserbahan ang iyong Nanay o nakakatandang kapatid kung ano ang mga paraan sa pangangalaga ng kasuotan ang kanilang ginawa. Maaari mo silang tanungin kung paano nila ito ginawa. Pagkatapos, sagutin ang pagtatasa 1.

**Panuto:** Lagyan ng salitang <u>**DAPAT**</u> ang patlang kung ang larawan ay nagpapakita ng pangangalaga sa kasuotan at <u>**DI DAPAT**</u> kung hindi. Gawin ito sa iyong kwaderno.

________ 1.



________ 2.



________ 3.



________ 4.



________ 5.



**Gawain 2:** Basahing muli at unawaing mabuti ang tungkol sa mga nararapat na paraan sa pangangalaga ng kasuotan na nasa bahagi ng suriin. Tandaan ito at sagutin ang pagtatasa 2.

**Panuto:** Suriin ang bawat pangungusap at isulat ang **TAMA** kung ito ay nagpapahiwatig ng tamang pangangalaga sa kasuotan at **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong kwaderno.

__________ 1. Ang paglalagay ng sapin sa uupuang lugar ay mabuti upang mapangalagaan ang kasuotan.

__________ 2. Hinahayaan ang mga mantsa, tastas, sira o punit ng damit.

__________ 3. Ihalo ang lahat ng mga uri ng damit, damit-pambahay at panlakad sa iisang lalagyan.

__________ 4. Tinatanggal kaagad ang mantsa ng damit habang sariwa pa bago labhan.

__________ 5. Plantsahin ang mga damit na malinis na ngunit gusot na gusot.

# *Isaisip*

May nalalaman ka ba sa mga gawain?

Sa mura mong gulang ay maaaring ka nang masanay sa mga paraan sa pangangalaga ng kasuotan upang mapanatiling maayos ito.

**Panuto:** Basahin at unawain ang talata. Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang kaisipang ipinahayag dito. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

Ilan sa mga paraan ng pangangalaga ng ating ________ ay ang paglalaba, ginagamitan ito ng _________ at tubig. Inaaalis ang dumi, pawis at alikabok na kumakapit. Araw-araw nagpapalit ng damit para hindi gaanong marurumi at madali lang ang paglalaba. _________ ito sa maaraw na lugar kung puti at sa malilim na lugar ang may kulay para hindi kukupas. Ang pagsusuri sa kasuotan ay ginagawa bago labhan ang damit kung may mantsa ba ito o nangangailangan ng pagkukumpuni para hindi lumala ang pagkasira. Kung may punit _________, kung may butas tinatagpian. __________ rin ang gusot-gusot na tuyong damit lalo na kapag bagong laba.

Pinakamahalagang tandaan natin na araw-araw ay panatilihing malinis ang kasuotan dahil ito ay nakakatulong sa pagbuo ng kompiyansa sa sarili. Ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa sarili ay nabubuo kung marunong ka mag-ayos at magpahalaga sa sarili.



## *Isagawa*

Batay sa iyong nalalaman sa araling ito, isagawa ang mga paraan ng pangangalaga ng kasuotan pagkatapos mong magpalit ng damit galing sa paaralan. Isulat ang mga paraan na iyong gagawin sa kwaderno at ipakita mo ito sa iyong guro sa susunod ninyong pagtatagpo.

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang tamang salita upang mabuo ang tamang kaisipan sa bawat pangungusap. Gawin ito sa iyong kwaderno.

| | |
|---|---|
| nilabhan | pagtatagpi |
| pag-aalis ng mantsa | pinaplantsa |
| tinutupi | |

1. Ang paggamit ng sabon at tubig ay isang paraan sa __________ ng putik sa damit.

2. Kaagad ________ ni Angela ang kanyang kasuotan ng makita niya na may mantsa ito mula sa putik.

3. Ang mga damit na gusot-gusot ay dapat _____________ para kaaya-ayang tingnan.

4. Ang mga damit na malilinis at maaayos ay _______________ at inilalagay sa loob ng cabinet o aparador.

5. Ang damit ay minsan nabubutas dahil sa sunog ng sigarilyo o nasabit sa pako kaya kinukumpuni sa pamamagitan ng ________________.

## *Tayahin*

**Gawain 1**

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

1. Ano ang nararapat gawin kung ang damit ay nangangamoy?
   - a. ilagay sa labahan
   - b. pahanginan
   - c. plantsahin
   - d. tiklupin at ilagay sa cabinet

2. Ano ang dapat gawin bago umupo upang hindi magusot kaagad ang paldang uniporme?
   - a. ayusin ang *pleats* ng palda
   - b. basta nalang umupo
   - b. ipagpag muna ang palda
   - d. ibuka ang palda

3. Alin sa mga sumusunod ang gagawin kung may sira o butas ang mga damit?
   - a. ihanger ang damit sa cabinet
   - b. sulsihan o kumpunihin ang mga butas ng damit
   - c. isuot at gamitin ang mga damit
   - d. ipamigay ang mga damit sa kapitbahay

4. Ang mga sumusunod ay nagsasaad ng pangangalaga sa damit maliban sa:
   - a. ihanger ang mga malinis na damit panlakad
   - b. punasan ang mga uupuang lugar bago umupo
   - c. pabayaan ang mantsa na dumikit sa damit
   - d. pahanginan ang mga damit na basa ng pawis

5. Bakit kailangang pangalagaan ang ating kasuotan?
   - a. upang mapakinabangan ito sa loob ng mahabang panahon
   - b. upang ikaw ay kaaya-ayang tingnan
   - c. upang mapanatili ang kagandahan ng kasuotan
   - d. lahat ay tama

**Gawain 2**

**Panuto:** Piliin sa **Hanay B** ang paraang tinutukoy sa **Hanay A** upang mapanatiling malinis at maayos ang damit na binabanggit. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

***Hanay A***

1. Ito ay isinasagawa kung may sira o punit ang damit.
2. Ito ang paraan ng pagtanggal ng dumi, pawis at alikabok sa damit.
3. Isinasagawa ito sa mga damit na lukot-lukot matapos labhan.
4. Ginagawa ito sa mga damit na may nakakapit na mantsa.
5. Ito ang paraan nag pag-aayos ng mga damit sa loob ng cabinet o aparador.

***Hanay B***

a. Pagtutupi

b. Paglalaba

c. Pamamalantsa

d. Pagsusulsi

e. Pag-aalis ng Mantsa

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong kwaderno.

1. Ano-ano ang mga paraan sa pangangalaga ng kasuotan?

2. Bakit kinakailangan pangalagaan ang mga damit/kasuotan?

3. Ano ang mabuting dulot nito sa iyo bilang mag-aaral?

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

A.

1. √
2. X
3. √
4. X
5. √

B.

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Mali
5. Tama

**Balikan**

1. d
2. b
3. a
4. b
5. c

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. dapat
2. di-dapat
3. dapat
4. dapat
5. di-dapat

Gawain 2.

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Isaisip**

1. Kasuotan
2. Sabon
3. Isampay
4. Sinusulsihan
5. pinaplantsa

**Isagawa**

1. pag-aalis ng mantsa
2. nilabhan
3. pinaplantsa
4. tinutupi
5. pagtatagpi

**Tayahin**

Gawain 1

1. a
2. a
3. b
4. c
5. d

Gawain 2

1. d
2. b
3. c
4. e
5. a

# *Sanggunian*


Gloria A. Peralta. EdD, Ruth A. Arsenue, Catalina R. Ipolan, Yolanda L. Quiambao, Jeffrey D. de Guzman, Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran (Manwal ng Guro) pp. 27

Gloria A. Peralta. EdD, Ruth A. Arsenue, Catalina R. Ipolan, Yolanda L. Quiambao, Jeffrey D. de Guzman, Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran (Batayang Aklat) pp.119-121

*Curriculum Guide*, EPP 5, (EPP5HE-0c-6)

https://www.piqsels.com/en/public-domain-photo-jxhrx

https://pixabay.com/photos/sew-hobby-fabric-sewing-machine-4436575/

"CC0 Public Domain". 2017. https://pxhere.com/en/photo/1203257.

https://www.pxfuel.com/en/free-photo-jzblj

"CC0 Public Domain". 2017. https://pxhere.com/en/photo/1203257.

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph